# BANGHAY ARALIN: SIMBOLO NG KAHANDAAN SA PAGTUTURO

*by:*
**Beverly B. Reyes**
*Teacher III, HERMOSA ELEMENTARY SCHOOL*

Ang banghay aralin ay tinaguriang bibliya ng mga guro. Ito ang kanilang gabay sa araw-araw na pagtuturo. Masusing paggawa at sapat na oras ang kailangan upang makagawa ng isang banghay aralin.

Ang isang banghay-aralin ay may apat na bahagi. Ang unang bahagi ay ang layunin. Dito kailangang kakitaan ng "cognitive" "psychomotor" at "affective" ang mga layunin na tiyak, nasusukat, naabot, magkaka-ugnay at napapanahon.

Ang pangalawang bahagi ay ang mga kagamitan na kinailangan ng guro upang mabuo ang banghay-aralin at mga gamit na kakailanganin ng mga mag-aaral upang maisakatuparan o maisagawa ang mga nakapaloob dito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang pangatlong bahagi ay ang mga pamamaraan, mula sa balik-aral o pag-alala sa nakaraang aralin,pagganyak na simulang hakbang upang makuha ang kanilang atensyon. Ang pagganyak ay kailangang may kaugnayan sa panibagong aralin. Maaring gumamit ng tula, kwento, video clip, puzzle at marami pang iba. Ang paglalahad naman ng aralin kung saan ipapakilala ang bagong matututunan ng mga bata. Sa talakayan naman papasok ang pagtatanong ng guro mula sa "spring board" na kanyang ginamit. Malaking tulong ang bahagi na ito na bumuo ng ideya ang mga bata. Pagkatapos ng Gawain ay magsasabi ang guro ng mga gawain. Maaring gawaing indibidual na pasalita na maaring gawin sa pisara o sa papel,na susundan gawaing pangkatan na may rubrics. Maingay ngunit makabuluhan at malaking tulong ito sa mga bata. Dito nahuhulma ang pagiging lider, pakikinig, pagkakaisa at pagtutuungan ng mga ag-aaral. At ang pinakahuli ay ang gawain bilang paghahanda na may kaugnayan sa huling bahagi ng

banghay-aralin. At upang masukat kung ang aralin ay natutunan, nagkakaroon ng paglalahat, maaring magmula sa bata o sa guro ang paglalahat ng aralin.

Ang huling bahagi ng banghay-aralin ay ang pagtataya. Dito na sinusukat ang pagkatuto ng mga bata kaugnay sa aralin. Maaring ring magbigay ng takdang-aralin kung kinakailangan at mga karagdagang gawain upang lalong magkaroon ng karunugan at maari ring ibigay sa ga mag-aaral na hindi pa nakuha ang aralin.

Ang guro na may banghay-aralin ay isang hudyat na siya ay handa at pinag-aralan ang kanyang ituturo ng araw na iyun. Dito mababasa o makikita kung naisaalang-alang ang mga pangangailangan, kakayahan, at interes ng mga mag-aaral. Dagdagan mo pa ang makukulay at agaw-pansin na mga visual aid na pupukaw sa pagnanais ng mga bata na matutunan ang aralin.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://counseling.education.wm.edu/blog/the-importance-of-lesson-planning-for-student-success

Zen Tsen